



## Ano ba ang Colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang pamamaraan o procedure na maaaring maghanap at mag-alis ng mga abnormal growth, karaniwan ay bago maging cancer ang mga ito.

### Ano ba ang Colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure o pamamaraan upang makita ng isang colonoscopist ang loob ng lining ng rectum at colon gamit ang isang espesyal na instrumento na tinatawag na colonoscope.

Ang colonoscope ay isang pleksibleng tube na may maliit na kamerang nakakabit sa isang dulo nito upang ang colonoscopist ay makakuha ng mga larawan at video sa iyong colon. Habang isinasagawa ang colonoscopy, maaaring kumuha ng mga tissue samples at maaari ding tanggalin ang mga di-normal na tumutubong laman (abnormal growth).

### Mga bagay na dapat malaman

- Ang procedure na ito ay ginagawa ng isang colonoscopist at kadalasan ay tumatagal ng 20 hanggang 45 minuto.
- Ikaw ay mahigpit na minomonitor bago, habang at pagkatapos ng procedure.
- Normal lamang na sa oras ng procedure ay makaramdam ng bahagyang pressure o makaranas ng pulikat.

## Sino ang nangangailangan ng colonoscopy?

Mga Babae at Lalaki Edad 50-74 mayroong isa man lamang sa mga sumusunod:

- Dalawa o higit pang mga first degree na kamag-anak (ina, ama, kapatid na babae, kapatid na lalaki, anak na babae o anak na lalaki) na na-diagnose na may colon cancer anumang edade
- Isang first degree na kamag-anak na na-diagnose na may colon cancer na mababa sa edad na 60.
- Isang sariling kasaysayan ng (mga) adenoma.

Maaari ka ring mai-refer para sa colonoscopy kung mayroon kang abnormal na fecal immunochemical test (FIT).

### Bago mag-colonoscopy


- Umasa na mananatili sa ospital sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras.
- Hihilingin sa iyo na magsuot ng isang gown.
- Ang isang nurse ay kukumpletuhin ang iyong admission history at susukatin ang iyong vital signs.
- Hihilingin ka na ibigay ang listahan ng iyong mga gamot.
- Sisimulan ng isang nurse na lagyan ka ng intravenous (IV) para sa sedation at gamot na pangontra sa sakit.

### Pagkatapos ng colonoscopy

- Magsama ng isang nasa hustong gulang o adult pauwi sa bahay mo. Hindi ka maaaring magmaneho hanggang sa susunod na araw.
- Maaaring inaantok ka pagdating mo sa bahay pagkatapos ng procedure. Inirerekomenda na huwag kang gumamit ng mga equipment, pumirma ng legal na dokumento o uminom ng mga inuming may alkohol hanggang sa susunod na araw.
- Maaari mong ipagpatuloy ang iyong regular na pagkain at mga gamot pagkatapos ng iyong colonoscopy, maliban kung may tagubilin ang iyong patient coordinator o colonoscopist.
- Ang hangin sa loob ng iyong colon ay maaaring maging sanhi ng pansamantalang kabag at /o pamumulikat pagkatapos ng procedure. Mahalagang magpahinga at mailabas ang hangin na ito hangga't maaari. Kung magpatuloy ang di maginhawang pakiramdam na ito o lumalâ, pumunta sa emergency department at sabihin sa kanilang nanggaling ka sa colonoscopy.

## Ano ang mangyayari habang isinasagawa ang colonoscopy?

- 1** Ipapasok ng isang colonoscopist ang colonoscope sa puwit o rectum at padaraanin ito sa kahabaan ng colon.
- 2** Lalagyan ng hangin ang daraanan ng colonoscope upang paluwangin ang colon para sa mas mahusay na pagtingin.
- 3** Ang mga larawan ng lining ng rectum at colon ay ipinadadala sa isang video monitor kung saan ang colonoscopist ay nakatingin para sa anumang mga bagay na di karaniwan, tulad ng isang polyp. Ang polyp ay isang maliit na tumubong laman sa gilid o wall ng bituka.
- 4** Ang polyps ay maaaring unti-unting tumubo, at ang ilan dito ay maaaring maging cancer. Maaaring kinakailangan din na kumuha ng sample (biopsy) o alisin ang polyp (polypectomy). Ito ay hindi masakit.



- 5** Ang biopsy o polyp ay ipinadadala sa isang lab para ma-analyze.

## Mga Resulta

Sasabihin sa iyo ang panimulang resulta bago ka umalis ng ospital. Pagkaraan ng halos dalawang linggo matapos ang iyong procedure, ang patient coordinator o ang colonoscopist ay ipapaalam sa iyo ang kumpletong resulta at sasagutin ang iyong mga katanungan sa oras ng follow up call. Makakatanggap din ang doktor mo ng iyong results.

Kung ang colonoscopy mo ay normal, matutukoy sa iyong personal history kung kailan ka magpapa-screen uli. Papayuhan ka ng patient coordinator o colonoscopist mo kung kailan ang susunod na petsa ng iyong screening.

Kung ang resulta ng colonoscopy mo ay abnormal, maaaring kailanganin ng mga karagdagang procedure o mas regular na pagsubaybay. Ang patient coordinator, colonoscopist, o iyong doktor ay ipapaliwanag ang proseso para sa karagdagang mga appointment at susunod na mga hakbang.

## Mga Panganib

Gaya ng alin mang medikal na pamamaraan o procedure, ang colonoscopy ay may maliit na panganib ng mga komplikasyon.

Tinatantyang mga 5/1,000 katao ang magkakaroon ng seryosong komplikasyon. Maaaring kabilang sa mga komplikasyong ito ang reaksyon sa paghahanda ng bituka

(bowel preparation) o gamot na ginagamit para sa sedation, mga problema sa puso o bagà, impeksyon, pagdurugo ng colon at /o pagkabutas ng colon.

Kung mangyari ang isang komplikasyon, maaaring kailanganin ang paggamot tulad ng antibiotics, pagsasalin ng dugo, hospitalisasyon, ulitin ang colonoscopy o operasyon. Ang panganib na mamatay mula sa colonoscopy ay mas mababa pa sa 1/14,000 na kaso. Mayroon ding panganib na mawalan ng isang makabuluhang abnormality. Ito ay nangyayari ng mas mababa pa sa 1/10 na kaso.

## Kontakin kami sa:

Colon Screening Program  
801-686 West Broadway,  
Vancouver, BC V5Z1G1  
1-800-663-9203  
[www.screeningbc.ca/colon](http://www.screeningbc.ca/colon)